ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Tanging Pahayag — Disyembre 20, 1971

## PINABUBULAANAN NG PAMBANSANG PAMATNUGUTAN SA OPERASYON NG BAGONG HUKBONG BAYAN ANG PAG-ATAKE SA WALONG BAYAN SA ILOKOS SUR

*

## NATIONAL OPERATIONAL COMMAND OF NEW PEOPLE'S ARMY DENIES ATTACKING EIGHT TOWNS IN ILOCOS SUR

Mariing pinabubulaanan ng Bagong Hukbong Bayan na inatake ng mga yunit nito ang walong bayan sa Ilokos Sur, kabilang ang kabisera ng lalawigan, at ipinahahayag na ang naghaharing pangkating Crisologo-Villanueva at ang lokal na pamunuan ng PC ang may kagagawan sa madudugong maniobra upang manatili sa kapangyarihan.

Matagal nang nagkukutsabahan ang naghaharing pangkating Crisologo-Villanueva at ang lokal na pamunuan ng PC sa mga pampublikong pahayag at sa mga kriminal na aktibidad upang ipakita na ang Bagong Hukbong Bayan ay may kinakampihan sa labanan ng mga reaksiyonaryong pulitiko sa Ilokos Sur sa kapinsalaan ng sambayanan.

Ang mga naulat na atake sa mga walang-salang sibilyan, sa kapitolyo ng lalawigan, sa mga gusali ng munisipalidad, mga bahay ng sibilyan at sa isang bus na pampasahero ay mga mababaw na maniobra ng desesperadong panginoong militar sa lalawigan na nag-aakalang maisasangkot nila ang pangalan ng Bagong Hukbong Bayan upang patuloy naman nilang pagharian ang Ilokos Sur sa pamamagitan ng lakas ng sandata.

Ang madudugong maniobrang ito, na kinatangian ng walang-pakundangang pamamaril, ay kakutya-kutya tulad ng

The New People's Army vigorously denies that its units have attacked eight towns of Ilocos Sur, including the provincial capital, and declares that it is clearly the Crisologo-Villanueva ruling clique and the local PC command which are responsible for bloody maneuvers to stay in power.

The Crisologo-Villanueva ruling clique and the local PC command have long conspired in public pronouncements and in criminal deeds to show that the New People's Army is taking sides in the struggle of reactionary politicians in Ilocos Sur to the detriment of the people.

The reported attacks on innocent civilians, the provincial capitol, municipal buildings, civilian homes and a passenger bus are the shallow maneuvers of desperate provincial warlords who think that they can drag in the name of the New People's Army so that they may continue ruling Ilocos Sur by armed force.

These bloody maneuvers, characterized by wild shooting, are ridiculous-

asal ng mga bandido sa isang pelikulang koboy, ngunit kung titingnan nang totohana'y sumusunod ang mga ito sa imbing estilo ng masaker sa Plaza Miranda at ng mga pambobomba sa Maynila at karatig-purok, na idinadahilan ng mismong mga gumawa nito upang gumawa ng higit pang pasistang paninikil laban sa mga mamamayan at upang ipataw ang batas militar.

Ang mga atakeng militar sa Ilokos Sur ay nasa kategorya ng mga putsistang kilos na kasumpa-sumpa at hindi maaaring gawin ng Bagong Hukbong Bayan. Ang mga ito'y ginawa lamang ng sandakot na taong desesperado at hayok-sa-kapangyarihan na hindi magpapakundangan sa pagpinsala sa mga walang-salang sibilyan at sa pag-aaksaya ng bala at pawis.

Kung aatake ito sa mga kaaway ng sambayanan, mahigpit na namimili ang Bagong Hukbong Bayan. Bago maglunsad ng anumang anyo ng kilos-pagpaparusa laban sa mga kaaway ng sambayanan, gumagawa ito ng puspusang gawaing pangmasa, tinitiyak nitong lalahok ang mga mamamayan sa iba't ibang paraan, kaya laging matagumpay na nasasapol ang target nito. Tiyak na magbabangon upang maghimagsik ang mga mamamayan ng Ilokos Sur laban sa mga kriminal na pang-aabuso ng pangkating E.U.-Marcos at sa mga berdugo nitong napailalim sa pangkating Crisologo-Villanueva.

Disyembre 20, 1971

ly like acts of bandits in a cowboy film but more seriously they are in the vicious style of the Plaza Miranda massacres and the bombings in the Greater Manila area which are used by their very own perpetrators as the excuse for engaging in more repressive fascist actions against the people and clamping down martial law.

The military attacks in Ilocos Sur are in the category of putschist acts, are condemnable and cannot be the work of the New People's Army. They can only be the work of a handful of desperate power-hungry persons who do not flinch to harm innocent civilians and waste ammunition and efforts.

When it does attack the people's enemies, the New People's Army is highly selective. Before launching any form of punitive action against the people's enemies, it engages in painstaking mass work, makes sure that the people participate in various ways and therefore always succeeds to hit its target. The people of Ilocos Sur will certainly rise in revolt against the criminal abuses of the U.S.-Marcos clique and its Crisologo-Villanueva hatchetmen.

December 20, 1971